BUHAWI

Mga impormasyon tungkol sa buhawi:

- Pang-apat ang Illinois sa Estados Unidos para sa pinakamaraming buhawi kada milya kuwadrado
- 80% ng mga buhawi ay nangyayari sa araw
- Ang mga buhawi ay naganap bawat buwan ng taon sa lahat ng oras ng araw
- Mahalagang subaybayan ang pabago-bagong kondisyon ng panahon sa Illinois
- Magsagawa ng pana-panahong mga pagsasanay sa kaligtasan sa buhawi sa bahay at sa trabaho
- Panatilihin ang isang supply kit na pang-emerhensiya
- Suriin ang taya ng panahon bago bumiyahe. Ipagpaliban ang mga plano kung may nalalapit na masamang panahon.



PAGBABANTAY SA BUHAWI: *MAGING HANDA!*

Posible ang mga buhawi sa loob at malapit sa lugar na binabantayan. Suriin at talakayin ang iyong mga planong pang-emerhensiya at tingnan ang mga supply at ang iyong ligtas na silid. Maging handa na kumilos nang mabilis kung may babala na inilabas o may hinala kang may paparating na buhawi. Ang maagang pagkilos ay nakatutulong sa pagliligtas ng mga buhay! Ang mga pagbabantay ay ibinibigay ng Storm Prediction Center para sa mga county kung saan maaaring mangyari ang mga buhawi. Ang lugar na binabantayan ay karaniwang malaki, na sumasaklaw sa maraming county o kahit na mga estado.

BABALA SA BUHAWI: *KUMILOS KA!*

Ang isang buhawi ay nakita o ipinahiwatig ng radar ng panahon. May napipintong panganib sa buhay at ari-arian. Lumipat sa isang panloob na silid sa pinakamababang palapag ng isang matibay na gusali. Iwasan ang mga bintana. Kung nasa isang mobile home, sasakyan, o nasa labas, lumipat sa pinakamalapit na matibay na silungan at protektahan ang iyong sarili mula sa lumilipad na mga debris. Ang mga babala ay ibinibigay ng iyong lokal na tanggapan ng pagtataya. Ang mga babala ay karaniwang sumasaklaw sa isang mas maliit na lugar (mga sinlaki ng isang lungsod o maliit na county) na maaaring maapektuhan ng isang buhawi na tinukoy ng isang forecaster sa radar o sa pamamagitan ng isang sinanay na spotter/tagapatupad ng batas na nagbabantay ng bagyo.

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency at Office of Homeland Security

@ReadyIllinois ReadyIllinois @ReadyIllinois @ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 na oras na Pagtugon (217) 782-7860

Printed by Authority of the State of Illinois 9-24 IOCI 25-0585T 100 copies